

CHAPTER *One*

*H*awak ni Dariella sa kaliwang kamay ang pitaka habang sa kanan naman ang isang picture—wedding picture. Isa ito sa tanging pagmamay-ari niya na nadala niya bukod sa passport nang bumalik siya sa Pilipinas maraming taon na ang nakakalipas.

Kasalukuyang nasa harap siya ng police station sa Quezon.

“PO1 Carrion, ano ’yan?” puna ng nakangising si PO2 Ryan Laxina. Sisilip sana ito nang agad niyang ipinasok sa loob ng kanyang pitaka ang litrato.

“H-huh? Wala ’to. Naghahanap lang ako ng... eksaktong bill dahil may... bibilhin akong burger. Di pa kasi ako nakapag-dinner,” mabilis niyang palusot

sa kanyang buddy.

Umismid ito habang nagdududa ang mga matang nakatingin sa kanya. Matangkad ang lalaki, moreno at puwede nang pumasa sa pagiging guwapo kahit average lang. Maikli ang itim na buhok at clean-shaven ang mukha nito. Maganda rin ang tindig nito dahil sa madalas na pag-eehersisyo kada umaga sa *Quezon Memorial Circle* kaya nasa tamang lugar ang bawat muscle.

Pumasok si Ryan sa patrol car para magmaneho. Sumunod na rin siya pagkalagay ng pitaka sa bulsa ng uniporme.

“Isang taon na rin kitang buddy, Carrion. Alam ko kung kailan ka nagsisinungaling o may inilihim sa ’kin. Ginawa mo ang dalawang ’yon kani-kanina lang,” sabi nito habang nagmamaneho. Napasulyap ito sa kanya nang saglit bago ibinalik sa daan ang paningin.

“At dapat hindi ka po kasi masyadong maepal sa kaunting kilos ko, PO2 Laxina,” pakli ng beinte y siete años na babaeng pulis. “Pakitabi mo muna. Bibili ako ng burger diyan sa *Angel’s*.”

Ipinarada nito ang police car sa tabi. Agad siyang lumabas at bumili ng burger para sa kanilang dalawa ng kanyang partner. Ibinigay niya ang isang

burger at soft drink na nakalagay sa plastic na may straw at kinain niya ang sa kanya. Nagpatuloy silang nagpa-patrol sa gabing iyon. Nasa night shift sila naka-assign sa linggong ito. Napahinto si Ryan nang may narinig silang putok. Sinundan iyon ng ilang sigaw. Mayamaya ay may nakita silang dalawang taong naghahabulan. Ang nauna ay walang baril samantalang ang sumusunod dito ay mayroon. Mukhang hindi sila napansin ng mga ito.

“Aisht!” bulalas nilang mag-partner nang sabay.

Napatingin si Dariella sa kanyang soft drink na hindi pa nauubos. Wala siyang choice kundi ang itapon iyon sa pinakamalapit na basurahan na nakita niya. Agad na sumunod sa kanya ang partner na lumabas ng patrol car at hinabol na nila ang lalaking may dalang baril.

Nagpasalba si Ryan. “Pulis ’to! Tigil!” sigaw nito pagkatapos.

Kanya-kanyang taguan ang mga taong nakasaksi upang hindi mahagip o matamaan ng bala o anopaman.

Napatigil ang suspect dahil sa warning shot ng partner niya. Napapihit ito paharap sa kanila. Ang hinahabol nito ay tila bigla na lang nawala sa dulo ng isang eskinita. Nakatutok naman ang baril

nilang mag-partner sa suspect na hawak pa rin ang baril nito.

“Bitiwan mo ang baril mo!” sigaw niya rito. Siguro ay hindi umabot ng sampung metro ang layo nila mula rito. Nang binitiwan na nito ang baril ay dahan-dahan silang lumapit sa suspect. Ang mga mata niya ay umikot sa kapaligiran kung saka-sakali.

“Luhod! Kamay sa likod ng ulo!” utos ni Ryan dito.

Dahan-dahang sinunod iyon ng suspect na nasa late thirties. Pangkaraniwan ang taas nito at katawan.

Kinapa ng dalaga ang katawan nito habang nakatutok ang baril ni Ryan dito. Wala itong ibang sandata sa katawan. Pinosasan na ito ng binatang pulis. Gamit ang panyo niyang puti ay pinulot niya ang baril ng suspect na binitiwan nito kani-kanina.

“Sa presinto na tayo mag-usap,” sabi ni Ryan. Pinatayo nito ang lalaki na nag-aapoy ang mga mata pero hindi umiimik.

Nagradyo na si Dariella sa kanilang presinto ukol sa nangyari at pabalik na sila roon. Tinabihan niya ang salarin sa backseat. Hindi ito ang unang pagkakataon na may hinabol silang suspect na may baril. Minsan nga ay muntik na siyang mabaril dahil natiyempuhan nila ang isang drug pusher na may

dalang sandata. Buti na lang mabilis siyang nakadapa at gumulong saka nagkubli sa isang pader.

Napailing-iling silang mag-partner nang kuwestyunin ng desk officer sa presensya nila ang nangyari. Nilo-log nito ang sinasabi ng lalaking hinuli nila.

“Magnanakaw ’yung hinabol ko! Pumasok sa bahay ko. Akala niya yata walang tao doon.”

“Sa oras na ’to? Pinasukan ka ng magnanakaw?” anang desk officer. Mga alas otso y media iyon ng gabi.

Hindi nakasagot ang suspect. Nagkatinginan ang mag-partner. Umupo si Dariella sa isang silya habang tinapik naman ni Ryan ang lalaki sa balikat.

“Titingnan natin kung may lisensya ang baril mo at kung walang natamaan sa pagbaril mo kanina. Iimbestigahan pa namin ang nangyari kaya stay put ka muna sa likod ng rehas.”

Pinatayo na ito ni Ryan at ipinasok sa loob ng kulungan kasama ang ilang naroroon na.



Alas siete ng umaga nang makauwi sa kanyang nirerentahang apartment si Dariella. Ipinasok niya ang motorsiklo sa compound at sa mismong harap ng kanyang unit na nasa ground floor lang. Isinara

niya ang gate bago pumasok sa loob ng kanyang apartment.

Hindi na siya kumain. Derecho na siyang humiga sa kama pagkatapos niyang magpalit ng shorts at sando. Napabuntong-hininga si Dariella bago ipinikit ang mga mata. Nasa isip na naman niya ang nag-iisang lalaki na hindi niya nakikita sa loob ng mahabang panahon.

Tumunog ang kanyang cell phone. Ang second cousin niya sa paternal side ang tumatawag. Ito ang tumulong sa kanya nang bumalik siya sa Pilipinas.

“Ate Grace.”

“Sa Linggo na ang wedding anniversary namin ni Axel. May kaunting salo-salo sa bahay. P’unta ka, ha? Miss ka na rin ng pamangkin mo.”

Napangiti si Dariella. Napaisip siya sa sarili niyang kasal noon. Pero iwinaglit din iyon sa isipan at pinaunlakan ang kanyang pinsan.

“Isama mo na ang partner mo kung hindi siya busy.”

Na-imagine niya ang mukha ng kausap na ngayon ay malamang nakangisi at nanunukso. Palagi iyong ginagawa ng pinsan dahil boto ito kay Ryan na maging boyfriend niya gayong partner lang sa trabaho ang tingin niya sa binata.

“Huwag na. Baka may ibang plano ’yung tao. Sige, matutulog muna ako. Galing akong night shift, eh,” aniya para matigil na ang pinsan.

Makalipas ang ilang oras ay nakarinig siyang may kumakatok sa pinto ng unit. Napabalikwas si Dariella at naging alerto. Awtomatikong inabot ng kanyang kamay ang baril na nasa ilalim ng katabing unan. Itinago niya ang sandata bago binuksan ang pinto.

Parang tinakasan siya ng lahat ng dugo sa katawan nang makita ang lalaki sa harap niya. Biglang huminto sa pagpintig ang puso niya bago tinambol iyon nang napakalakas at napakabilis. Parang luluwa iyon sa dibdib niya nang makita si Caleb Williams, ang lalaking pinakasalan niya sa Las Vegas.

Nanunuyo ang lalamunan ni Dariella nang magsalubong ang kanilang mga mata. His eyes seemed to be greener than she could recall. Matangkad ito gaya ng naalala niya. Six feet ang taas nito at hanggang dibdib lang siya nito. Makisig pa rin ang lalaki. Nakikita niya sa suot nitong kaswal na jeans at t-shirt na bumakat ang matipunong dibdib at biceps nito. Dark brown ang buhok nitong maikli, matangos ang ilong, medyo makapal ang mga kilay

na tila inukit ng isang artist, may stubbles ito sa panga at medyo pinkish ang mga labi. Hindi niya sinadya ay napako roon ang kanyang mga mata na parang namagneto.

“Hi,” marahang bati ng treinta y nueve años na Amerikano. Hinagod din siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa at pabalik. May matipid itong ngiti sa labi.

“H-hi!”

Rumagasang bigla ang mga katanungan sa kanyang utak. Bakit nandito si Caleb? Paano nito nalaman ang address niya? Kailan ito dumating sa Pilipinas? Magtatagal ba ito? Binibisita lang ba siya nito? May asawa na kaya itong iba kahit di pa sila divorced doon sa States? May anak na kaya ito? Masaya kaya ito sa buhay?

She was dying to know all these things about him. At kinontrol lang niya ang sarilin para huwag mapayakap dito nang mahigpit at siilin ito ng halik. Ngayon niya lang napagtantong miss na miss na niya si Caleb at inamin sa sariling mahal pala niya ito kaya ganito na lang ang nararamdaman niya sa loob ng siyam na taon.

Maluha-luha siyang nakatingin dito. “P-pasok ka.” Hindi alintana ay naikumpas niya ang kamay

na may hawak na baril.

Nagtaas ito ng kamay. Napatawa siyang humingi ng dispensa.

“I’m sorry. I... just thought... never mind!”

Napuna ni Dariella ang isang kotse sa tapat. Isinara na niya ang pinto nang makapasok ang lalaki. Napatingin ito sa paligid ng apartment niya. Napangiwi pa ang babae dahil hindi siya nakapaglinis. Ang uniporme niya ay nakapatong sa likod ng sofa at may baso at platito sa maliit na center table na hindi niya nailagay sa lababo.

“How are you?” tanong nitong napatinging muli sa kanya bago umupo sa mahabang sofa na nakaharap sa TV.

Kumibit siya. “Mabuti naman. Ikaw?”

“I just arrived today from Nevada. From the airport, I checked into a hotel and I came here right away to see you.”

Napamaang si Dariella sa sinabi nito. At nalito rin siya.

“Bakit?” Panay ang pagta-Tagalog niya rito dahil marunong naman ito niyon. Iyon nga lang ay slang kung magsalita ito, which she found cute and adorable.

“I need your help.”

Napatitig sa asawa si Dariella. Sa tingin niya ay napakaimportanteng bagay ito para sa lalaki dahil lumipad talaga ito papunta rito para lang hingin iyon sa kanya.



Magkaharap si Caleb at si Mr. George Carson habang nasa isang restaurant. Nandoon sila para mag-usap ng tungkol sa negosyo. Gusto kasing makipag-merge ng lalaki sa kompanya nito. Kapag nagkataon ay magiging isang vertical merger ang mangyayari. Magiging supplier ang kompanya nitong taga-gawa ng mga construction materials sa kanyang real estate business na magiging beneficial kapwa sa kanilang dalawa.

“Let me be clear, Mr. Williams—”

“Caleb,” singit niya.

Tumango ito at nagpahid ng table napkin sa bibig bago nagpatuloy sa pagsasalita, “Caleb. This should be clear between us from the very beginning. Alright?” Umiling ito. “I don’t want this to look like an acquisition.”

“This is a partnership... George.”

Humugot ng hangin ang may-edad na kausap. Sumandal ito sa kinauupuan habang tinatantiya siya nang ilang saglit.

“Do you understand what partnership is, Caleb? Because this is very important for me to know that you are well aware what it is. I know you. You are building a business empire.”

He chuckled softly. “George, you’re not like any of those people that I’ve dealt with. Ours will be different. I promise.”

Natahimik muna si George bago muling nagsalita. “You’re a smooth talker, you know. How come you’re not married? I’d rather talk to you about partnership if you know what marriage is like. That’s partnership between two people.” Kumumpas ito sa ere. “And if you know about that, then maybe I’ll consider this partnership.” Napangisi nang may pagkapilyo ang kausap niya.

Natigilan ang nakababatang lalaki sa sinabi ng kaharap. Napatitig siya sa asul na mga mata ng matanda. May kapilyuhan man iyon ay alam na alam niyang seryoso pa rin ito.

“I am actually married, George.” Bigla na lang iyon lumabas sa kanyang bibig. Hindi niya talaga ito napag-isipan, pero ayaw niya kasing sumuko rito.

Napatawa nang malakas ang kausap. “The hell you are!” di-makapaniwalang turan nito.

Pero seryoso pa rin siyang nakatitig dito. “It’s no

joke. I got married nine years ago. Well, technically, it'll be my nine-year wedding anniversary in exactly a week from now."

Napapalakpak si George nang ipinakita niya ang suot na singsing. "Well, then... that's great! I would like to meet your wife and look forward to your wedding anniversary celebration! I reckon you're going to invite me by then, right?"

"Of course," nasabi na lang ni Caleb habang napapaisip sa kanyang asawang wala naman sa tabi niya kundi nasa Pilipinas.

Kaya ay heto siya ngayon sa harap ng babaeng pinakasalan niya. He almost forgot how beautiful she was. At lalo lang gumanda ang hubog ng katawan nito pagkalipas ng siyam na taon. Napahanga pa siya rito lalo nang makita itong naka-shorts at sando nang walang suot na bra. Tuloy ay parang gusto niya itong abutin, kabigin, at halikan. Pero kinontrol niya ang sarili at naging kaswal lang ang pakikitungo rito sa abot ng makakaya niya.

CHAPTER *Two*

“*Y*ou need my help? Paano at saan naman?” tanong ng babae kay Caleb. Ipinatong nito sa isang pang-isahang upuan ang hawak na baril. Umupo ito sa armrest niyon para harapin siya.

Pinilit niyang huwag mapatitig sa hita nitong naka-display sa kanya. Makinis iyon at creamy tingnan. Ipinatong niya ang mga siko sa kanyang magkabilang tuhod at pinagsalikop ang mga kamay. He was trying hard not to be tempted by her.

“To play as my housewife for real.” He carefully watched her reaction to this. Mukhang nabigla ito. Pero nang mapakurap na ito ay tila nakabawi naman na kaagad.

“T-that’s it?”

“Yes. And I need you to do that for a month, at least... until everything’s settled.”

“Bakit? Hindi ko maintindihan, Caleb.”

Ipinaliwanag niya ang tungkol sa kanyang negosyo at sa usapan nila ni George. Ipinagtapat niya ang lahat kay Dariella.

“Gan’on ba? S-sige. Maaasahan mong gagawin ko ang lahat para ma-secure mo ang merger na kailangan mo. Pero bigyan mo ’ko ng ilang araw para makapagpaalam sa Senior Superintendent namin... at kailangan ko pa kasing dumalo sa wedding anniversary nina Ate Grace at Kuya Axel.”

“Okay. Meanwhile, I’ll double check your papers.”

Tumango ito sa kanya. “If you don’t have something to do on Sunday... puwede kang sumama sa ’kin. Nang sa gan’on ay makikilala mo na in person ang pinsan kong kinontak mo na before bago ako umuwi ng Pilipinas.” Si Caleb ang nag-asikaso sa lahat ng mga kailangang papeles noon ng asawa para wala itong problema sa buhay rito sa Pilipinas. Iyon ay ayon na rin sa impormasyong ibinigay sa kanya ni Grace at ng asawa nitong si Axel.

Napangiti siya rito. “Sige. Sasama ako sa ’yo.”

Sa totoo lang ay nakakausap niya paminsan-minsan sa *Skype* si Grace para makibalita rito tungkol sa asawa niya. At ito ang pinapadalhan niya ng pera upang hindi mahirapan si Dariella lalo na noong nagdesisyon itong mag-aral ng Criminology. Pero sinabi niyang ilihim iyon sa kabiyak dahil sa sariling rason na hindi niya ibinahagi kay Grace. Naintindihan naman nito ang pakiusap niya.

Pumasa si Dariella sa board examinations at sa training kaya naging pulis na ito ngayon. At alam na alam niya kung bakit ito ginawa ng kanyang asawa. Natatakot itong balikan ng amaing si Jack at ng kriminal nitong kaibigang si Henry. Bilib din naman siya sa galing ng pag-eskapo ng isang iyon. Hindi pa rin ito nadakip ng mga pulis kahit ang tagal na ng panahon. Siguro ay dahil nagtatago ito sa Mexico o kaya sa iba't ibang state ng America.

Kahit sa dual citizenship ni Dariella ay mayroon itong karapatan sa lahat ng benepisyong bilang Pinoy, kasama na roon ang trabaho at pagmamay-ari ng lupain kung sakali. Vice-versa naman ito sa pagiging American citizen, alam niya.

It was late May when she got back. High school diploma ang kinailangan lang nito para makapag-aral ng Criminology nang apat na taon, agad

nakapasa ito sa board exams at tinulungan ng Kuya Axel nitong isang pulis na makapasok sa *PNPA* para mag-train doon nang isang taon. Pagkapasa naman doon ay naging bagong recruit sa *PNP*, pero nag-undergo na naman ng anim na buwang Public Safety Basic Recruit Course at anim na buwan pang Field Training Program bago naging full-fledged na pulis noong isang taon.

All these years, Caleb was keeping tabs on his wife. At nalaman pa nga niyang may binata itong partner at natural na palagi nitong nakakasama sa trabaho. Gayunpaman ay walang ibinalita si Grace sa kanya na naging nobyo nito. Nagpopokus lang daw ang pinsan nito sa pag-aaral, sa training, at ngayon ay sa trabaho.

“So, paano mo nalamang dito ako nakatira?”

Napangiti siyang napaiwas ng paningin. “I have my sources.”

Napatawa nang marahan ang babae. Napatigil ito nang kumalam ang sikmura nito dahil sa gutom. Napakagat-labi ang asawa niyang napatingin sa kanya.

“We should grab an early dinner before you go to work.”

Napangiti ang babae sa kanya nang may

pagkapahiya pero tumango ito. “Maliligo at magbibihis lang ako.”

Tumango si Caleb. “Sure!” Pinilit naman niyang huwag i-imagine ang nakahubad na babae habang nagsa-shower.

Get a grip, Caleb! This is definitely not the right time for that, saway niya sa sarili.

“Okay ka lang na maghintay sa ’kin? Half an hour maybe?” Napansin niya ang ngiwi sa mukha nito.

“I can entertain myself. Don’t worry.” Hinugot na niya ang cell phone at tumango ito.

Kinuha ni Dariella ang baril at pumasok na sa kuwarto nito para itago iyon. Lumabas ito mula roon pagkatapos nang ilang minuto, dala ang ibibihis na uniporme bago nagtungo sa banyo na nasa tapat ng silid nito.

Tumayo ang lalaki upang tingnan ang ilang picture frames nito sa sala. Noong graduation ay kasama nito si Grace. Nakita niya ang masayang ngiti ng asawa niya nang magtapos ito sa araw na iyon. Napangiti pa si Caleb. Kahit paano ay hindi siya masyadong nagsisisi na pinakawalan niya ang babae nang ginusto nitong umuwi ng Pilipinas ilang araw pagkatapos ng kanilang kasal sa Las Vegas.

Sinuportahan niya ito dahil sa trauma na naranasan nito mula sa kamay ng sarili nitong amain.



“Diyos ko! Totoo ba talagang nandito siya sa apartment ko?” nausal ni Dariella sa sarili nang makapasok sa banyo. Napatingin siya saglit sa kanyang sariling repleksyon sa salamin at napanganga dahil hindi pala maayos ang kanyang buhok nang humarap sa lalaki. Napahiya tuloy siya.

Mabilis siyang nag-shower habang nasa isip pa rin ang asawa niyang nasa sala at naghihintay sa kanya. At napangiti siya habang nagbibihis dahil magdi-dinner silang dalawa. Nae-excite at inspirado tuloy siya ngayon.

Pagkatapos maisara ang pinto, isusuot na sana niya ang helmet, pero pinigilan siya ni Caleb. “You don’t have to use your bike while I’m here. Ihahatid kita sa presinto at susunduin kita.”

Diyos ko Lord! Talaga bang asawa ko na siya? kinikilig na napaisip si Dariella. “Uh... baka makakaabala lang ako sa ‘yo.”

Umiling ito at hinawakan ang kanyang kamay. Napatingin siya sa magkasalikop nilang mga kamay. Nagulat siya nang mapansing suot pa rin ng lalaki

ang wedding ring nila. Tuloy ay parang na-guilty siya bigla. Ikinuwintas lang niya ang sariling wedding ring. Ayaw niya kasing may makakaalam na nag-asawa siya sa America dahil ayaw niyang magpaliwanag o magkuwento sa kahit kanino kung ano ang totoong nangyari habang nandoon siya. Kahit na isang magandang alaala niya si Caleb ay hindi naman maganda ang karanasan niya sa kamay ng asawa ng kanyang ina. Kaya sa abot ng makakaya ay ayaw niyang maikuwento iyon sa mga tao.

Nasa loob na sila ng kotseng nirentahan nito at gamit ang GPS ay nagtungo na sila sa restaurant. Mukhang nag-research ito sa pinakamalapit at pinakaeleganteng kainan. Pinagtitinginan sila ng mga customers nang pumasok sila roon. Bakit naman kasi hindi ay nakasuot si Dariella ng kanyang police uniform?

Inasikaso sila kaagad ng isang waiter at iginiya sa isang mesa sa isang sulok na itinuro ni Caleb. Nag-order na ang asawa niya para sa kanilang dalawa. Napatingin lang siya sa menu. Ang mahal ng mga pagkain! Pero hindi na siya nagsalita.

Nang nakaalis na ang waiter ay napasulyap ang kaharap sa kanyang kamay na walang suot na jewelry kundi relo lang.

“You don’t wear your wedding ring,” obserba ni Caleb.

Gusto mang sabihin ni Dariella na ginawa niya iyong pendant sa suot na kuwintas ay nahihiya siyang aminin iyon. Baka ma-misinterpret kasi nito ang ibig sabihin niyon.

“I... I’ll make sure to wear it before our flight.”

Tumango lang ito. “So... tell me about your work. Ayos ka lang ba? Hindi ka ba natatakot hulihin ang masasamang tao?” Nahuli niya ang concern sa boses ng asawa kahit kaswal itong nagtatanong sa kanya.

“Siguro nalagpasan ko na ang takot. Kahit isang taon pa lang akong naninilbihan bilang pulis, pinagaaralan ko kung bakit nila ginagawa ang isang bagay. Kahit siguro hindi ko kailanman mapapatawad ang stepfather ko dahil sa ginawa niya sa ’kin, kahit maging subjective man ako... parang naintindihan ko siya. Ang hindi ko lang maintindihan ay ang sarili kong ina.”

“I heard she visited him while he was in prison.”

Napaisip si Dariella nang mapait at napailing. “Ayokong mabalitaan ang tungkol sa kanila. Buhay na nila ’yon. Ang dapat ko lang intindihin ay ang buhay ko, di ba?” Napaangat siya ng paningin.

Nagkasalubong ang kanilang mga mata. Nababasa niya ang pang-unawa nito sa kanya kaya napangiti siya nang matipid.

“I don’t blame you,” mahinahong sabi nito.

“I really owe you big time, Caleb. At siguro hinding-hindi ko ’yon mababayaran kahit kailan.”

“Well, that’s silly! I’m your husband after all,” paalala nito.

Napatawa si Dariella kahit paano. Pagkatapos ay natigil siya. May itatanong sana siya sa asawa nang dumating ang waiter para ibigay muna ang kanilang drinks. Gusto sana niyang itanong dito kung hindi ba talaga nito hinubad kahit minsan ang wedding ring na suot nito. Para kasing hindi siya makapaniwala. At saka napadako ang alaala niya sa stepmother nitong Pinay, si Eloisa.

Habang kumakain ay kinumusta niya ang madrasta ni Caleb. Napatitig ang lalaki sa kanya.

“She’s fine. She’s busy with her flower garden and some club.”

“She’s still... hanging out with... Molly?” pasimpleng tanong ni Dariella. Nakasalamuha niya ang blondie minsang nagpunta ito sa malaking bahay ni Caleb.

Napatigil sa pagnguya ang kanyang asawa.

Napababa ito ng tingin at naghiwa ng lamb steak na nasa plato nito. “I think they’re in the same club. So... yeah.”

Napatango si Dariella. Inasahan niyang may sasabihin pa ito, pero hanggang doon lang pala. Na-disappoint tuloy siya. Gusto niya kasing malaman kung may relasyon ito at si Molly nang mawala na siya sa buhay ng mga ito. Alam na alam niya kasing matagal nang may gusto si Molly kay Caleb. Nalaman niya iyon mula kay Eloisa. Lantaran kasing sinabi nito ang bagay na iyon sa kanya. Nagmamahalan daw ang mga ito, sabi ni Eloisa. Ipangalandakan ba naman iyon? Kaya naman ang inosenteng si Dariella noon ay nagparaya at ipinakita sa madrasta ng asawa na wala siyang ni isang kusing na hinahabol mula kay Caleb. Bukod pa iyon sa pananakot ng babae sa kanya.

Naipilig niya ang ulo. Ayaw na niyang isipin iyon. Nakaraan na iyon.

Pagkatapos nilang kumain ay inihatid na siya ng kanyang asawa sa presinto. Nang masaksihan iyon ng ilang kasamahan ay nagkantiyawan ang mga ito. Pinilit niyang huwag magsalita ang mga ito dahil kahit Tagalog iyon ay naiintindihan ng lalaki. Pero hindi naunawaan ng mga ito ang facial warning ni

Dariella.

“Oy, ano ’yan, Dar?” anang isang babaeng kasamahan, si PO2 Jan Garcia. “Iba na ba ang career mo ngayon?” tukso nito.

Pinandilatan niya ito.

“Sino ba ang puting ’yan at inihatid ka pa rito? Hihingi ba siya ng proteksyon o ano?” sapat ng partner niyang si Ryan. Ikinuroos nito ang mga braso sa tapat ng dibdib habang tila tinatantiya ang asawa niya.

Lumapit si Caleb sa kanyang mga kasamahan. May matipid na ngiti ito sa mga labi, pero nababasa ni Dariella ang mocking green eyes nito. Napakagat-labi na lang siya at hindi kumibo. Naghintay siya sa kung ano ang pasabog na gagawin ng Amerikano.

“Puwede ko bang makausap ang Chief n’yo?” tanong nitong nagta-Tagalog.

Bumagsak ang panga ng mga kasamahan niya. At siya naman ay napatawa nang mahina. Nakakunot-noo ang desk officer nilang lumapit sa ginawa nilang kumpol sa harap ng pintuan ng presinto.

“Umuwi na. Bukas, Biyernes nandito pa ’yon. On call lang siya tuwing weekend. Bakit gusto mo siyang makausap?”

“It’s personal. Anong oras ang pasok niya

bukas?” tugon ni Caleb.

Kumibit-balikat ang desk officer. “Alas diez.”

Tumango ang Amerikano. “Okay. Please tell him PO1 Carrion’s husband is going to see him, if he’s not busy.” Bumaling ito sa kanya. “I’ll pick you up tomorrow morning. Take care of yourself.” Hinalikan pa siya nito sa pisngi bago umalis.

Napanganga ang lahat ng kasamahan niya at hindi agad nakapagsalita. Si Dariella man ay natulala dahil sa paghalik nito sa kanya. Kahit sa pisngi lang iyon ay tila nakakita siya ng shooting stars.

Nang makaalis na ang kotseng nirentahan ni Caleb ay marahang napapihit si Ryan para harapin siya.

“PO1 Carrion? Ano’ng nangyari? Joke lang ’yon, di ba?”

Napatikom si Dariella sa kanyang bibig. Pumasok na siya sa presinto para mag-log in. Sumunod sa kanya ang mga kasamahan. Talagang naguguluhan ang mga ito sa eksenang nasaksihan.

“Wala kang asawa! Grabe naman kung makapag-joke ang Kanong ’yon!” ani Ryan na mukhang mag-aalboroto na.

Napangiwi si Dariella. Tinapik siya ni Jan sa braso.

“Oy, okay lang kung joke ’yon. May mga Kanong gan’on. Heavy kung makapag-joke!”

Napatingin siya nang isa-isa sa mga ito, pati na sa desk officer nilang nakikumpol pa rin at seryoso ang mukha. Napahigit si Dariella ng hininga at napabuga.

“Totoo ’yung sinabi niya.”

Napangangang muli ang mga kapwa niya pulis. Litong-lito ang mga ito pagkatapos. Halos sabay-sabay na nagtanong ang mga ito.

“Bakit hindi mo sinabi?” Si Jan.

“Bakit ngayon lang siya nagpakita sa ’min?” anang desk officer nila.

“Kailan lang kayo ikinasal?” Si Ryan naman.

Umiling si Dariella. “Ayokong pag-usapan ’yon.”

Napatawa nang mahina si Ryan at napatango.

“Ah, na-gets ko na. Iyon pala ang picture na tiningnan mo kagabi. Nahuli kita kagabi, eh!”

Napakagat-labi siya. Sinapak niya ito sa braso. “Sorry, ha? Hindi ko sinabi.”

“Bakit kasi sekreto ’yon?” himutok ni Jan.

Hindi niya ito sinagot.

Kinabukasan naman ay nagulat din ang kanilang Senior Superintendent nang sinamahan siya ng asawang magpaalam na magli-leave siya nang

indefinite para magpunta sa Amerika.

“Hindi ko alam na may itinatago ka palang asawa, Carrion,” anang chief nila.

“Mahabang kuwento po, Sir. Pasensya na.”

“Sige. Iproseso mo na ang mga papeles mo,” payo nito.

Napasulyap siya sa kay Caleb matapos tumango sa kanyang superior. May nakita siyang parang pagniningning sa berde nitong mga mata.

CHAPTER *Three*

Rumalat sa buong presinto na may itinagong asawa si Dariella. Pulos na-shock ang mga kasamahan nang malaman iyon. Agad siyang naging celebrity dahil doon.

Sa araw ng Linggo ay nagkita na sa wakas sa personal sina Caleb at Ate Grace niya. Mainit naman itong tinanggap sa bahay ng huli. Na-curious pa ang apat na taong pamangkin niyang si Yvo sa asawa niya. Panay ang dikit nito kay Caleb na mukha namang natutuwa sa bata.

“So when’s your flight?” tanong ni Grace habang nagsalo-salo sila ng dinner sa wedding anniversary nito.

“Bukas na ng gabi, Ate,” sagot ni Dariella.

“I... have some official business to do when we get there,” paliwanag ng asawa niya.

Tumango ang pinsan. Pero mukha itong nag-aalala nang sumulyap sa kanya. Nag-uusap ang kanilang mga asawa nang senyasan siya ni Grace na magtungo sa kusina. Sinundan niya ito roon. Binuksan nito ang fridge para kunin ang dessert at siya naman ay kumuha ng mga platito at mga tinidor para sa cake.

“Ayos ka lang ba? Talaga bang sasama ka sa kanya? Hindi mo sinasabi sa 'kin ang dahilan kung bakit ka niyan dadalhin doon.”

“Ate Grace, asawa ko naman siya. May tiwala ako sa kanya.”

Napalabi ito at napangiti. “Hmm... kung makapagsalita ka, eh... parang may handa ka nang gagawin.”

“May malaking utang na loob naman ako sa kanya kaya kahit ano'ng gusto niya, ibibigay ko.”

“Ows?”

Napabagsak ang panga ni Dariella. Na-realize lang niya ngayon kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang binitiwang niya. Napatawa tuloy nang mahina si Grace habang hinihiwa ang cake.

“Isa pa, nag-aral na ako ng self-defense. Pulis

na nga ako, di ba? Kaya ko nang protektahan ang sarili ko,” bawi niya.

“So, ano ang reaksyon ng partner mo?”

Napakiling si Dariella ng ulo. “Na-shock. Hindi siya makapaniwala. Kahit sino naman sa presinto ay ganon rin ang reaksyon. Pero hindi ko in-elaborate kung bakit itinago ko ang bagay na ’yon. Kahit paano kailangan ko rin ng privacy, ’no? Buhay namin ’yon ni Caleb. Bahala na silang mag-isip kung anuman ang gusto nilang isipin dahil ayokong may manghugsa sa kanya o sa akin dahil sa ginawa namin. I don’t owe anyone an explanation for doing it. It’s just the way my life turned out to be.”

Napatingin sa kanya ang kausap nang may pang-unawa. Tumango ito bago inilagay ang tig-iisang hiwa ng cake sa platito para isilbi sa kanilang mga asawa at sa pamangkin niya.



Nagtungo sila sa isang private hangar. Tapos nang ma-check ang kanilang mga papeles at nakahanda na ang private jet ng lalaki na umalis.

Napatingin si Dariella nang may paghanga sa sasakyang panghimpapawid. Alam niyang napakayaman ng asawa, pero hindi niya akalaing pupunta ito rito upang sunduin siya gamit ang sarili nitong

jet.

“Abby, this is my wife,” pakilala ni Caleb sa kanya. “Abby’s my PA for the last three years when Reese got married.”

Nakasuot ito ng stewardess uniform. Matangkad ito, balingkinitan, light brown ang buhok, at maganda kahit sa suot nitong salamin.

“Pleased to meet you, Mrs. Williams.” Inilahad nito ang kamay at inabot niya iyon.

Medyo napataas ang kilay ni Dariella pero nakangiti naman. Mukhang nakuha iyon ni Caleb at napangiti. “She usually dresses whatever she thinks calls for her job,” bulong sa kanya ng lalaki habang patungo sila sa kanilang uupuan. Napatawa siya nang mahina.

“Nage-enjoy siya sa role playing?” pabulong niyang tanong dito na napatawa na rin.

“But she’s very efficient at her job. So, I let her wear anything she wishes... as long as it’s appropriate, of course.”

“Oh,” nasabi na lang niya. Pinaupo na siya ng asawa sa isang malaki at komportableng upuan. Doon ay puwede siyang matulog. Kahit paano ay napahanga rin siya sa interior ng jet dahil sa amenities nito. So hindi na siya magtataka kung

bakit ayaw man ni Caleb na sumakay sa isang commercial plane.

“What can I get you both?” magalang na tanong ni Abby sa kanilang mag-asawa.

“A drink. Anything that’s cold,” sabi ng lalaki na inalis ang isang butones ng polo shirt. Pinaresan nito iyon ng slacks.

Tumango ito nang nakangiti at bumaling kay Dariella nang nakangiti pa rin. “How about you, Mrs. Williams?”

“Dariella. Just call me that.”

Tumango ito.

“The same as he wants.”

“Okay.” Agad itong tumalikod upang kunin ang kanilang drinks.

“The flight is about eighteen hours at least,” ani Caleb.

Tumango si Dariella. Naalala nga niya ang tagal ng flight. Pero at least tuloy-tuloy ito. Walang stopover.

“In the meantime, what do you want to do?”

“Matutulog siguro para makabawi naman ako.”

“Right! Kailangan mo ’yan. Magbabago pa naman ang time zone mo in less than a day.”

Dumating si Abby para ibigay sa kanila ang cold

drinks. Ginger ale-cranberry juice combo iyon na may topping na strawberry ice cream. Pinasalamatan nila ang PA na agad ding umalis para bigyan sila ng privacy na mag-asawa. As if naman kailangan talaga iyon, kung alam lang nito.

“So, sino ang kailangan mong ma-impress?” usisa ni Dariella sa asawa. Sinimulan na niyang kainin ang ice cream.

“His name’s George Carson. His wife is Lucy. They’ve been married for thirty-five years, I heard.” Napatitig ito sa kanya. Makahulugan iyon. Pero hindi naman niya makuha kung ano ang kahulugan niyon. Or more like ayaw niyang isipin kung ano ang ibig sabihin niyon. Natatakot siyang mali ang interpretasyon niya sa tingin na iyon ng asawa.

Pasimple siyang napaiwas ng paningin at marahang ininom ang kanyang cool drink. Pero ramdam pa rin niya ang mga mata nitong nakatingin sa kanya.

“So, ano ang plano mo?” tanong ni Dariella para matigil ang kausap.

Or so she hoped. Para kasing nako-conscious na siya sa mga tingin ni Caleb. Sa isang banda ay kinikilig siya. Pero sa isang banda ay baka nagpa-practice lang ito dahil sa role-playing na gagawin nila

pagdating nila sa Las Vegas... where it all started for the both of them.

“Celebrate our ninth year wedding anniversary.”

Muntik na siyang mapabuga sa iniinom. Napaubo siya. Tumayo naman kaagad ang lalaki at binigyan siya ng panyo. Ang bango niyon. Amoy Caleb.

“You don’t have to do anything. My PA will see to everything. All you have to do is... be my wife... in everyone’s eyes.”

Nanlaki ang mga mata ni Dariella. “P-pati sa PA mo?” mahinang tanong niya.

Tumango ang lalaki. Napalunok tuloy siya.

“Pati rin ba kay Eloisa... at Molly?”

Humugot ito ng hininga. “Yes, especially in front of them.” Ininom nito ang drink. Natunaw na ang ice cream niyon.

Nalilito ang babae. “B-bakit pati sa kanila? Hindi ba alam nila ang sitwasyon natin?”

“They think they know.” Napangiti ito sa kanya nang makahulugan bago inubos ang inumin. Inilagay nito sa isang mesa ang tall glass na wala nang laman. Lumapit ito sa kanya at kinuha ang panyo nito upang pahiran ang isang sulok ng kanyang bibig na mayroon palang bahid na ice cream.

“Caleb...”

“If you’re tired, just get some sleep, Ella,” mahinang saad nito. Kinuha na nito ang kanyang hawak na baso at itinabi sa baso nito.

Parang hinaplos ang kanyang puso nang ginamit nito ang gusto nitong palayaw sa kanya... ito lang ang tumatawag sa kanya ng ganoon. Kaya espesyal iyon para sa kanya. Pinahiga siya ng lalaki sa kanyang inupuan at ikinabit na ang seat belt para sa kanya.

Naramdaman niyang gumagalaw na ang kanilang sinasakyan. Pina-dim ni Caleb ang ilaw bago umupo sa sarili nitong upuan at saka ikinabit ang sariling seat belt. Napalipat si Dariella ng tingin sa bintana nang lumingon ito sa kanya.

Tuloy ay napadako ang isip niya sa nakaraan.



Bago sila nagpunta sa Amerika ay naging biyuda na ang ina niyang si Leonor. Wala itong stable job sa Pilipinas kundi ang pagiging labandera nito at tagalinis sa mga mansion na hindi masyadong naaalagaan dahil nasa abroad ang mga may-ari. Na-meet ng kanyang ina si Jack dahil sa pakikipag-chat nito sa Internet. May nakapagpayo kasi ritong isang kapitbahay na kung gusto nitong umasenso ay subukan nito ang cyber chat. Hindi nagtagal ay

dumating si Jack sa Pilipinas. At naging mabilis din kahit paano ang pag-asikaso nito ng papeles nila para madala sila nito sa Amerika.

Mabait sa kanya si Jack noong una. Pero kalaunan ay para na siyang alila sa bahay nito kahit sa murang edad. Gayunpaman ay pinag-aral naman siya ng elementarya hanggang high school. Sinabi nitong hanggang doon lang ang kaya nito. Lalo na't nawalan ito ng trabaho dahil nag-lay off ang factory na pinagtrabahuhan nito bilang supervisor. Mula noon ay suporta ng gobyerno ang inasahan nila at ang odd jobs na nakukuha ng kanyang ina. Naging dual citizen silang mag-ina. Sampung taon lang siya noon.

Kalaunan habang nakitira sa bahay ni Jack bilang kapamilya nito ay napuna niyang hindi pala mabuti ang mga kaibigan ng kanyang amain. Narinig niya minsan na may ibinenta ang kakilala nito na isang bata na kinidnap sa malapit na state.

Agad siyang nagtago sa isang sulok ng kusina upang hindi makita ng mga lalaki habang nag-uusap ang mga ito. Isinumbong niya sa kanyang ina ang nalaman niya. Pero lumagapak lang sa kanyang mukha ang kamay nito.

“B-bakit, 'Nay?” napaiyak na tanong ni Dariella.

Dinuro siya ni Leonor. “Huwag na huwag mong

sasabihin ang tungkol diyan sa harap ni Jack!” banta nitong nanlilisik ang mga mata. Hindi niya naintindihan kung bakit ganoon.

Napilitan siyang tumango. Simula noon, hangga’t maaari ay hindi niya hinayahaang mapag-isa kasama ang amain kapag wala ang kanyang ina sa bahay.

Lumipas ang mga taon. Pinagtitiyagaan niya lang talaga ang ina at ang asawa nito.

Masaya naman ang labinwalong taong gulang na si Dariella nang sa wakas ay nakapagtapos na rin siya ng high school. Naisip niyang huwag munang mag-aral ng college upang magtrabaho at mag-ipon. Wala kasing pera ang kanyang ina at stepfather para pag-aralin siya sa kolehiyo. At naisip niyang puwede na siyang umalis sa bahay upang mapalayo sa mga ito.

Hindi na iyon healthy para sa kanya lalo na’t pinagtangkaan siya ni Jack na gahasain minsang sila lang dalawa ang nasa bahay. Na-late ang ina niya sa pag-uwi sa gabing iyon. Buti na lang ay napuruhan niya ito nang sinikaran niya ang ari nito at mabilis na tumakbo patungo sa kanilang kapitbahay. Nag-offer ito ng tulong, pero sinabi niyang magpalipas lang siya ng gabi roon.

Isinumbong niya si Jack sa kanyang ina, pero parang wala itong narinig. Mukhang mas mahal nito

ang pangalawang asawa kaysa sa kanya. Hindi siya nito pinaniwalaan. Imposible raw iyon dahil anak ang turing ng lalaki sa kanya simula pa lang. Napailing na lang siya at tinalikuran si Leonor.

Isang gabing nasa trabaho pa ang kanyang ina ay naisip ng dalagang ihanda na ang kanyang mga personal na gamit sa isang knapsack tulad ng kanyang mga papeles at ilang damit. Magsisimula na siya sa trabaho kinabukasan. Natanggap siya sa isang diner bilang waitress at nakiusap siya kung puwedeng doon na muna siya mag-stay hanggang sa makakita siya ng matitirhan. Pumayag ang mabait niyang amo kahit baguhan lang siya. Siguro ay nakapag-background check na ito sa kanya at nakitang wala siyang criminal record.

Saglit siyang napatigil sa pag-iimpake nang marinig niya ang boses at mga yabag ng kanyang amain. Hindi ito nag-iisa. Kaya naman nakinig siyang maigi.

“I think she’s in her room. We’ll wait when she gets out. We don’t want her to be alarmed,” ani Jack sa sinumang kausap nito. Baka ang lalaking nangkikidnap ng bata. Pumupunta kasi iyon sa bahay paminsan-minsan hanggang ngayon.

“I can deal with her. You knew that you were

supposed to bring her in the other day when you got the money!” anang kausap nito.

“What can I do? I didn’t get the chance. She’s always out looking for a job!”

Napahigpit ang hawak ni Dariella sa kanyang knapsack. Hindi siya makapaniwalang ibinenta siya ng amain. Alam kaya ito ng ina niya? Pumayag kaya ito sa nais ng asawa nito?

Napalundag siya sa kinatatayuan nang marahas na binuksan ang pinto ng kanyang silid. Napaurong siya nang makita ang amain at ang kausap nito, si Henry, iyong nang-kidnap ng isang bata noon. Medyo maskulado ito, pangit, matangkad at kasing-edad siguro ng amain niya.

Nakangisi ang mga lalaki habang nakatingin sa kanya.

“Come here,” sabi ni Henry.

“No! You stay away from me! Both of you!” Pinilit niyang maging matatag at huwag matakot. Pero nanginginig ang boses niya.

Humakbang pa rin si Henry palapit sa kanya. Hinawakan siya nito sa braso nang mahigpit at hinila palabas ng silid niya. Nanonood lang si Jack na binigyan siya ng isang malisyosong tingin. Sinipa niya ang ari nito.

“You little bitch!” mura ng amain habang napasapo sa parteng iyon dahil sa sakit.

Nagpupumiglas pa rin ang dalaga, pero kinaladkad na siya ni Henry palabas ng bahay kung saan may naghihintay na kotse. Sisigaw na sana siya para makahingi ng tulong nang tinakpan nito ang kanyang bibig. Gayunpaman ay nagpatuloy siya sa pagpupumiglas. Siniko niya sa tadyang ang lalaki kaya lumuwag ang pagkakahawak nito. Sinapak niya ito sa panga at tuluyan siya nitong napakawalan. Dahil doon ay mabilis siyang tumakbo patungo sa main road.

Muntik pa siyang masagasaan ng isang magarang kotse. Buti na lang at mabilis na nakapagpreno ang nagmamaneho.

“Help! Help me! Please!” sigaw ni Dariella habang nakahawak sa hood ng kotseng muntik nang makasagasa sa kanya.

Umibis ang isang matangkad na lalaki. Nag-aalala ang ekspresyon sa mukha nito.

Napalingon siya sa likuran niya. Malapit na si Henry sa kinaroroonan niya. Umiiyak na tumingin siya sa estranghero. Napalipat ang paningin nito sa humahabol sa kanya.

“Get in!” Mabilis din itong bumalik sa driver

seat at pinasibad ang kotse nang pareho na silang nakasakay.

Napasulyap ito sa kanya habang umiiyak siya at nanginginig ang buong kalamnan dahil sa naranasan.

“Who was that?” usisa nito.

Napakayakap siya sa kanyang knapsack.
“H-Henry. H-he’s my stepfather’s friend.”

Napatingin si Dariella sa lalaki. Kahit sa kasalukuyang sitwasyon ay hindi niya maipagkaila sa sariling guwapo ito sa unang tingin pa lang niya. Mabango rin ito. Tuloy ay na-conscious siya kung ano ang hitsura niya ngayon. Nakasuot lang siya ng jeans at simpleng t-shirt. Ang naka-ponytail niyang buhok ay hindi maayos.

“Why is he chasing you?”

“W-where are we going?” Napatingin ang dalaga sa kanilang dinaanan. Hindi niya kasi kabisado ang pinupuntahan nila ngayon.

“My home.”

Lumunok siya bago muling nagsalita, “Y-your home? I... I think I have to go to the police.”

CHAPTER *Four*

*U*miling ang lalaki. “The police can’t help you right now. Trust me. They’ll turn you over back to your home. That is, if they’re not going to hand you over to the child welfare system, which I think you wouldn’t want. So what are you? Like... sixteen, seventeen?”

“Eighteen.”

“Oh! Then... this is much better if I take you home.”

“W-why is that?” naibulong ng dalagang nalilito.

“You’re officially an adult.” Napa-chuckle pa ito.

Pumayag na lang si Dariella sa naisip ng estranghero. Ewan ba niya at agad siyang nagtiwala sa lalaking ngayon lang niya nakasalamuha. Siguro ay

dahil sa mukha nito? O dahil sa mga mata nito? Wala pang lalaking tumitingin sa kanya nang ganoong kasuyo. May hatid iyong maganda at masarap na pakiramdam sa kanyang puso sa unang pagkakataon pa lang. At gusto niya iyon.

Pumasok sa isang gate na may guwardya ang kotse at may distansya pa mula roon ang malaking bahay na namataan na niya malayo pa lang. Napakalapad ng lawn niyon na mas maa-appreciate niya sana kung may araw. Pero maganda rin ito sa gabi dahil sa mga ilaw na nakabukas.

May isang fountain sa gitna ng lawn. May iba't ibang kulay habang dumadaloy ang tubig nang walang katapusan.

Inihinto ng lalaki ang kotse sa tapat ng tarangkahan. Malaki ang porch na may apat na hakbang ng hagdanan. Nang makababa na siya ay napuna niyang gawa iyon sa marble.

Bumukas ang tarangkahan at nagmuwestra ang lalaking pumasok na siya. Napatingin muna siya sa paligid bago pumasok. Napakaliwanag sa loob na parang may araw. Binati sila ng nakaunipormeng kasambahay nitong Asian.

“Prepare a guest room for her. She’ll be staying here... indefinitely,” anito sa dalawang kasambahay

na napatingin sa kanya nang may curiosity.

“Yes, Mr. Williams,” saad ng isa. Tumulima ang dalawang babae sa utos nito.

Naiwan na silang dalawa roon.

“Caleb! You’re home early. I thought you were going to meet Molly.” Kapwa sila napaangat ng paningin sa babaeng pababa ng hagdanan. Elegante kung kumilos ito. Isa rin itong Asian. Siguro ay nasa mid-forties na ang babae.

Napaisip tuloy si Dariella kung nangongolekta ba ng Asian ang bahay na ito. Napatanong din siya sa isip kung sino ang estranghera. Asawa? Pero baka naman hindi dahil mas matanda ito sa lalaki. Pero malay nga ba niya kung mahilig sa cougar ang kasama niyang tinawag na ‘Caleb’. Hindi naman niya ito kilala.

Magalang niyang binati ang bagong dating nang mapabaling ito sa kanya. Nagpakilala siya. “Good evening. I’m Dariella.”

Napataas ng kilay ang babae. Nakatayo na ito sa harap nila ng Amerikano.

“This is Eloisa, my stepmother. She’s Filipina,” sabi ng lalaki.

“Pinay rin po ako,” aniyang napangiti sa babae.

Hindi ito ngumiti kaya napalis ang ngiti niya. Tiningnan lang siya nito bago napabaling kay Caleb.

“What’s this? What’s going on, son?”

“I can’t say, Eloisa. But she’ll be staying with us... and she’s with me.”

Napansin niyang hindi maintindihan ni Eloisa kung ano ang ibig sabihin niyon, pero mukhang importante iyong ipaabot ng lalaki sa stepmother nito. Tumango naman ito. Nagpaalam na lang itong aalis para makipagkita raw sa mga kaibigan.

Nang makabalik na ang mga kasambahay na inutusan ni Caleb ay sinamahan na siya ng lalaki sa guest room. Napakalaki ng silid na iyon at ang ganda pa. Mas malaki pa iyon kaysa sa buong bahay ni Jack.

“I don’t have any idea what you’re going through, but you can tell me anytime when you’re ready. For now, you’ll be safe here. No one can harm you here. I promise you that,” he assured her.

Tumango siya at pinasalamatan ito.

“Do you need something?” marahang tanong nitong nakatitig sa mukha niya.

“No, I’m good. Thank you.”

Tumango ang lalaki. “By the way, forgive me for not introducing myself formally. I’m Caleb.”

Ngumiti siya. “And I’m Dariella. Again, thank you for helping me.”

Muli ay tumango ito bago nagpaalam sa kanya.

Isinara niya ang pinto at napabuntong-hininga. Nang mag-ikot siya sa silid ay nadiskubre niyang may sarili iyong banyo. Kaya naman nag-shower na muna siya bago nagbihis ng mas komportableng kasuotan.

Presko ang pakiramdam ng dalaga at kahit paano ay gumaan ang dibdib niya. Humiga na siya sa kama para makapagpahinga.

Kinabukasan ay nagising siya na disoriented. Napabuga si Dariella ng hangin nang maalala ang nangyari kagabi. Bumangon na siya para magtungo sa banyo. Nakarinig siya ng katok sa pinto kaya binuksan niya iyon.

“The police are here,” sabi ni Caleb sa kanya.

Napamaang siya.

“Apparently, your stepfather is accusing me of kidnapping you.”

Nanlaki ang mga mata ni Dariella. “What? But that’s—”

“You don’t have to worry. Whoever it is, they can’t simply and easily touch me. I have called my lawyer.”

Pero nag-aalala pa rin siya para kay Caleb. “I’ll talk to the police.”

“We’ll wait until my lawyer is here. I don’t want you to go out yet. Your stepfather is with them. But it was Henry who chased you last night, right?”

Tumango siya. “B-but is my mother with him?”

“No,” sagot nito.

Na-disappoint si Dariella. Sana ay sumama ito upang marinig nito ang sasabihin niya sa mga pulis.

“What if the police—”

“Don’t worry,” singit nito. “And you have to know that when I help someone, I’m serious about it.”

Napangiti siya rito nang matipid at bilang pasasalamat. Ganoon pa man ay ninerbyos siyang harapin ang kanyang stepfather.

Nang dumating na sa wakas ang abogado ng lalaki ay humarap na sila sa mga pulis at sa amain niya. Ikinuwento niya ang buong katotohanan.

“She’s lying!” akusa ni Jack. “I’m just trying to protect her... from... from this man! She’s still young. He’s corrupting her!”

Namangha si Dariella sa sinabi nito. Tuloy ay napatingin ang mga pulis kay Caleb.

“Officers, I assure you that my client is an outstanding citizen. He’s a reputable businessman. He honestly pays his taxes, which more likely fund your salary,” saka bumaling ang abogado kay Jack, “and your unemployment benefits.”

Hindi nakapagsalita si Jack. Napababa naman ng tingin ang isang pulis na nagsusulat sa notepad nito

habang ang isa ay napatingin sa dalaga.

“So, Miss Carrion, you’re with Mr. Williams? Just so we be clear here.”

“Yes. As I’ve said...”

“I’m her boyfriend, Officer. Surely, you don’t have to question her why she’s here in my home after what happened to her, do you?”

Nagkatinginan ang dalawang pulis. Hindi makapaniwala si Jack sa narinig. Napamangha naman si Dariella. Lalo na nang hinawakan ng binata ang kanyang kamay.

“Besides, we’ve already decided to get married tomorrow. I’ll send you an invitation if you want.”

Tumikhim ang isang pulis. Bumaling ito kay Jack na parang gustong sabihing: “What are you going to do now?”

“Mr. Jones, we’ll be taking you in for attempted rape and human trafficking. You have the right to remain silent...” Pinosasan ng pulis ang amain ng dalaga. Sigurado siyang iimbestigahan ng mga ito ang iba pang activities nito pati na ng kaibigan nitong si Henry.

Nakahinga nang maluwag si Dariella nang makaalis na ang mga pulis kasama ang kanyang amain. Napabaling siya kay Caleb.

“You didn’t have to...” umpisa niya.

Nagtaas ito ng kamay kaya natigil ang dalaga. “We’ll talk later. I have to discuss something important with Atty. Burke if you don’t mind.”

Tumango na lang si Dariella. Sinamahan siya ng isang katulong patungong dining room. Nakahanda na ang almusal. Kumalam ang sikmura niya nang makita ang pagkain. Kumain na lang siya habang hinihintay si Caleb na matapos sa pakikipag-usap nito sa abogado.



“Was that necessary? To get married tomorrow? Are you serious?” ani Atty. John Burke nang maiwan silang dalawa.

“Yes, I am.”

“Apparently, Miss Carrion didn’t know about your... spontaneous plan to make your words more concrete.”

“I did it because I have to, John. The police seemed to believe that son of a bitch! I had to protect her! I had to!”

Napahigit ng hangin ang kausap. Napatitig ito sa kanya na tinatantya siya. “So what do you want me to do?”

“Whatever is necessary! He has to be put in jail for

a very long time! The same goes for that Henry guy.”

Tumango ang abogado. “I’ll do my best then.”

“One more thing, John.”

“Oh, I’d be surprised if you were done asking me favors, Caleb,” pabirong turan nito.

“Be our witness tomorrow.”

Napamaang ang kausap bago napatawa.

“I’ll send you the invitation later.”

“You’re out of your mind, Caleb!” Napailing-iling si Atty. Burke na tumalikod at umalis na para gawin ang trabaho nito. Tinawagan kaagad ng binata si Reese para may ipagawa. Ipinahanda na niya ang lahat. Alam niyang magagawa iyon ng PA niya kahit sa ikli lang ng panahon.

Sumalo na siya kay Dariella sa pagkain. Mukhang sinadya nitong kumain nang mabagal para maabutan niya.

Unang kita pa lang niya sa dalaga kagabi na umiiyak at humihingi ng tulong ay agad nang lumambot ang puso niya. Todo ang kaba niya nang muntik niya itong masagasaan. Buti na lang ay mabilis ang reflexes niya at reliable ang kanyang kotse.

“About the wedding,” umpisa ni Caleb. Napasulyap siya sa babaeng tila ninerbyos na naghihintay sa sasabihin niya. Nanatili lang itong walang imik. “We

have to go through it tomorrow. You do understand what it means, right?”

Napalunok ito at napatango nang marahan. “But you really didn’t have to go an extra mile to help me, Caleb.”

“I’m telling you that putting your stepfather in jail is not the end. Henry is still out there. He’s still a threat to you. This organization they’re working for... or part of... will not let you off easily. Trust me. I can only protect you if you carry my family name. It’s the only solution I can think of right now.”

Saglit itong napapikit ng mga mata. “I really appreciate your helping me, Caleb, but I can’t let you do that for me. Y-you have your own life... You can’t... simply marry someone like me. You don’t know me and you never even met me until last night.”

“What if you’re a con artist and you just take my money, is that it?” Napatawa siya nang marahan.

“Yeah. That, too.” Kahit paano ay napatawa rin ito nang mahina at napatitig sa mukha niya.

Umiling ang binata. “I always trust my instincts. Right now, my instincts are telling me that I should help and protect you. And that’s exactly what I’m going to do until the end.”

Sobrang na-touch si Dariella sa sinabi niya,

alam niya. Nakikita niya iyon sa mukha ng dalaga. Nasaksihan niya ang pagtulo ng mga luha nito. Parang hinawakan nang napakahigpit ang puso niya dahil rito. Bago pa niya namalayan ay tumayo na siya at nilapitan ang babae para yakapin.



Ikinasal silang dalawa sa presensya ng abogado at PA ni Caleb bilang witnesseses nila. Madali lang naproseso ang kanilang kasal. Walang blood tests at waiting period. Kinailangan lang nila ng Affidavit of Application for a Marriage License, social security number at ID kaya walang problema tungkol doon.

Naging ballistic si Eloisa nang malamang kasal na si Caleb kay Dariella. Pero hindi iyon alam ng lalaki dahil ang huli lang ang kinompronta nito. Wala noon ang asawa niya sa bahay dahil pumunta ito sa opisina upang may asikasuhing importante.

“Tinulungan ka na niya sa problema mo, pero hindi pa ’yon sapat sa ’yo? Nagpakasal kayo nang hindi ko man lang alam?”

Hindi siya nakaimik.

“Pera ni Caleb ang gusto mo, hindi ba?” akusa ni Eloisa.

Umiling siya. “Hindi po ’yun totoo.” Kahit paano ay nasaktan ang kanyang pagkatao dahil sa hinala

nito. Wala naman talaga siyang intensyong ganoon. Ang asawa niya lang ang nagpumilit na tulungan siya at umabot nga sa ganito. Ang magpakasal sila.

“Dapat mong malaman na si Molly sana ang pakakasalan niya! Mahal nila ang isa’t isa. Kaya mo bang sirain ang bagay na ’yon? Kaya ba ’yon ng konsyensya mo?”

Napatungo si Dariella. Kahit sa murang edad niya ay alam niya kung ano ang ibig sabihin ng ‘nagmamahalan’. Did she just ruin his life and his future happiness? Kung ganito man ay baka nga dapat na umalis siya sa pamamahay na ito. Sa ganoon ay hindi masasabi ni Eloisa na naghahabol siya sa pera ng kanyang asawa. Isa pa, dapat ngang maging malaya si Caleb para makasama si Molly.

“Kaya kung may hiya ka pang natitira, aalis ka sa pamamahay na ’to. Kung hindi, gagawin ko ang lahat para maibalik kita sa pinanggalingan mo!” patuloy ng ginang.

Natakot naman siya. Paano kung makalabas ang kanyang amain? Paano na siya?

“Ngayon, kung hindi ka na makapagsalita diyan, umalis ka na. At huwag na huwag kong marinig na may sinasabi ka kay Caleb tungkol sa pinag-uusapan natin. Naintindihan mo ba?”

Inisip ni Dariella kung ano ang dapat niyang gawin pagkatapos nito. May trabaho naman na siyang puwedeng balikan, pero natatakot siya kay Henry na hindi pa rin nahuhuli ng mga pulis. Kung gugustuhin talaga nito ay mahahanap siya nito at wala siyang alam kung ano ang mangyayari sa kanya.